# Panuntunan sa class suspension sa QC, inilabas

Para umano mawala ang mga kalituhan tungkol sa pagsuspinde o kanselasyon ng pasok ng mga mag-aaral at trabaho sa Quezon City ay nagpalabas ng guidelines kahapon si Mayor Joy Belmonte.

Sa ipinalabas na memorandum ni Belmonte Circular No. 1 Series of 2019, ang mga miyembro ng QC Disaster Risk Reduction and Management Council ay magsasagawa ng Pre-Disaster Risk Assessment (PDRA) upang paghandaan ang pagdating ng kalamidad sa lungsod

Ang desisyon ng Council sa isasagawang PDRA ay nakadepende sa latest weather updates at advisories ng Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) at ang assessment at evaluation ng PDRA ang siyang pagbabatayan ng alkalde kung magsususpinde ba ng klase sa mga paaralan sa lungsod at trabaho sa government Offices.

Anya,ang QCDRRM Council ang siyang maghahayag ng desisyon bago mag-alas 4:00 ng madaling araw na ikakansela ang mga pasok at kapag matindi na ang lagay ng panahon at mayroong pagbabago ang deklarasyon naman ng suspensyon ay hindi lalampas ng alas-11:00 ng umaga.

Kapag nagkaroon naman ng typhoon signals, otomatikong kanselado ang pasok ng mga mag-aaral sa QC batay sa DepEd Order No. 43-2012.***-Angie dela Cruz-***